









REKOMENDASYON

Para sa mga Ahensya ng Pamahalaan:

-  Isama ang mga isyu at rekomendasyon ng mga bata sa mga pambansang stratehiya patungkol sa pagtugon sa COVID-19.
-  Magtatag ng mga programa at serbisyong tutugon sa mental health at magbibigay ng psychosocial support sa mga bata at sa kanilang mga magulang.
-  Bumuo ng malawakang plano para tugunan ang lahat ng pangangailangan ng mga bata sa panahon ng pandemya, subaybayan ang pagpapatupad ng plano at alamin kung anong mga resulta ng plano.

Para sa mga lokal na pamahalaan:

-  Ipagpatuloy ang pagsubaybay at pagtutok sa kalagayan ng mga bata sa gitna ng pandemya at maging aktibo sa pag-alam sa mga nagbabagong pangangailangan ng mga bata at sa mga posibleng paglabag sa karapatan ng mga bata.
-  Tugunan ang mga report ng paglabag sa mga karapatang pambata.
-  Kahit na may pandemya, dapat ay meron pa ring mga tao o opisinang bukas at pwedeng lapitan tulad ng Barangay Council for the Protection of Children (BCPC), barangay women and children's desk, at mga guro na mahihingan ng tulong kaugnay sa mga paglabag sa karapatan ng batang maproteksyunan sa loob ng tahanan. Kailangan ring palakasin ang kakayahan ng mga barangay official na makaresponde sa ganitong mga isyu.
-  Bigyan ng suporta ang mga grupo/ samahan ng bata't kabataan at isama sila sa pagpla-plano ng tugon sa COVID-19 sa ligtas na paraan.
-  Tugunan ang pangangailangan ng mga bata sa karagdagang kagamitan para sa pag-aaral at magbigay ng libreng internet access para sa kanilang paglahok sa mga online classes at para maipagpatuloy nila ang pakikilahok sa mga organisasyon.




AKO SA GITNA NG COVID-19:

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa ng Save the Children Philippines kasama ang Civil Society Coalition on the United Nations Convention on the Rights of the Child (CSC-CRC) at iba pang mga organisasyong tumutulong sa mga bata. Nilalayan nito na ipaalam ang mga pananaw ng mga batang lalaki at babae tungkol sa kanilang mga karanasan, pangangailangan, at opinyon sa mga nangyayari ngayong panahon ng pandemya.

Ang pag-aaral na ito ay isinigawa noong Mayo hanggang Hunyo 2020 sa pamamagitan ng isang survey na gamit ang social media at telepono. **Mahigit 400 kabataan** ang lumahok sa survey at karamihan sa kanila ay nanggaling sa Luzon - Bicol (19%) NCR (14%) Central Luzon (13%) Davao Region (13%).

Mga batang lumahok:



Ito ang mga sinabi ng mga bata sa survey:

- 94%** ang nagsabing alam kung ano ang COVID-19
- 68%** ang nakakaintindi na ang COVID-19 ay isang delikado at nakahahawang sakit
- 58%** ang nagsabing natatakot sila sa virus
- 53%** ang nag-aalala sa epekto ng virus
- 20%** ang naiinis, nagagalit at nalilito sa mga impormasyong nakakalap sa balita tungkol sa COVID-19

Ito ang ilang detalye tungkol sa kanilang mga sinabi:

- Natatakot na mahawa ng sakit** (Icon: Virus)
- Tumataas na kaso ng may sakit at mataas na bilang ng mga namamatay** (Icon: Arrow pointing up)
- Nalulungkot para sa iba; Hindi sila makalabas ng bahay upang makasama ang kanilang mga kaibigan** (Icon: Sad faces)
- Kulang ang tulong ng pamahalaan** (Icon: House)
- Nawalan ng trabaho ang mga miyembro ng kanilang pamilya** (Icon: Briefcase)

PANANAW TUNGKOL SA PAGTUGON NG PAMAHALAAN SA COVID-19

Karamihan ng nakapanayam ay **sumasang-ayon** sa mga tugon ng pamahalaan para maiwasan ang COVID-19. Kasama rito ang mga sumusunod:



96% Pagpapatupad ng Social Distancing




92.7% Pagtatakda ng curfew



92.5% Pagkakaroon ng checkpoints



85% Hindi pagpapalabas sa mga taong nasa edad **20** pababa at sa may edad **60** pataas



68% Pagsasara ng paaralan



56.9% Pagpataw ng parusa sa mga taong lumabag sa community quarantine



36.8% Suspensyon ng pampublikong transportasyon



32.9% Pagsasara ng mga shopping malls at iba pang establishments



Sinabi rin ng mga bata na ang mga sumusunod ay ang mga natanggap nila galing sa pamahalaan sa gitna ng pandemya:


- Relief Goods galing sa barangay (70%) at LGUs (62%)** (Icon: Boxes)
- Social Amelioration Program¹ (33%)** (Icon: Hand holding a shield)
- Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps)² (33%)** (Icon: Heart with people)
- Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD)³ (4%)** (Icon: Philippine flag)
- Cash Assistance (8%)** (Icon: Money)

² Ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program ay isang program at stratehiya ng pamahalaan upang mabawasan ang kahirapan sa bansa. Ang pamahalaan ay nagbibigay ng "conditional cash grants" sa pinakamahihirap na sector upang makatulong sa kanilang kalusugan, nutrisyon, at edukasyon lalo na ng mga bata edad 0-14. Ito ay ipinapatupad ng DSWD.

³ Ang Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD) ay isang programa na nagbibigay ng trabaho sa mga natanggalan o walang permanenteng trabaho upang sila ay mayroon kitain na sweldo.



PARTISIPASYON

Sa pag-aaral na ito, lumabas na karamihan sa mga batang nakapanayam ay hindi nakonsulta ng pamahalaan tungkol sa kanilang sitwasyon. Ang natira naman ay nagsabing nakonsulta sila kahit isang beses ng NGOs, barangay, teachers, at mga magulang o kamag-anak.




65% Hindi na-konsulta ng pamahalaan

34% Nakonsulta ng:



Tinanong ang mga bata tungkol sa ipinatutupad na Community Quarantine at ito ang kanilang mga sinabi:






KAHIRAPAN AT GUTOM


Ayon sa mga bata, nararamdaman nila ang masamang epekto ng pandemya sa kabuhatan ng kanilang pamilya.

50% ang nagsabing hindi sapat ang tulong na ibinibigay ng pamahalaan.

Ang mga pangunahing pangangailangan ng mga bata ay:




¹ Social Amelioration Program – Ang Republic Act (RA) No 11469, na kilala bilang "Bayanihan to Heal as One Act 2020" ay ang tugon ng pamahalaan na naglalayon na matugunan ang mga pangangailangan ng mga mgapinakaapektuhan ng mga isinagawang pammaraan upang mapuksa ang COVID 19 (kasama ditto ang social distancing, pagsasara ng normal na kalakalan, atbp). Ang Department of Social Welfare and Development ay may mandato na magbigay ng subsidiya upang magamit sa mga pangunahing pangangailangan. Social Amelioration Program – Ang Republic Act (RA) No 11469, na kilala bilang "Bayanihan to Heal as One Act 2020" ay ang tugon ng pamahalaan na naglalayon na matugunan ang mga pangangailangan ng mga mgapinakaapektuhan ng mga isinagawang pammaraan upang mapuksa ang COVID 19 (kasama rito ang social distancing, pagsasara ng normal na kalakalan, atbp). Ang Department of Social Welfare and Development ay may mandato na magbigay ng subsidiya upang magamit sa mga pangunahing pangangailangan.




EDUKASYON

Maraming alalahanin ang mga bata tungkol sa kanilang edukasyon. **35%** ang nagsabi na sila ay natatakot, habang **32%** naman ang nagsasabing sila ay nag-aalala. Bukod dito, sila rin ay:



Sinabi rin ng mga bata na ang mga sumusunod ang mga nakikita nilang posibleng hadlang sa kanilang maayos na pag-aaral:




30% ng mga bata ang natutuwing makapag-aaral na silang muli. Nang sila ay tanungin kung ano ang gusto nilang pamamaraan kung paano maging ligtas habang ipinagpapatuloy ang pag-aaral ang kanilang tugon ay:



KALUSUGAN

50% sa mga batang nakapanayam/ na-interbyu ay nagsabing alam nila kung anu-anong mga serbisyong pangkalusugan ang pwede nilang makuha sa kanilang barangay. Sa pagkakaalam nila, maaari silang:




Nasabi rin ng mga bata na ang mga serbisyong pangkalusugang ito ay pwedeng maapektuhan dahil mas kakailanganin ang mga health workers na tumulong sa mga taong naapektuhan ng COVID-19.



Mayroon ding mga batang nagsabing wala silang impormasyong natatanggap tungkol sa mga serbisyong tutugon sa COVID-19. **56%** sa kanila ay mga batang babae at **44%** naman ay mga batang lalaki.

Nang tanungin ang mga bata kung ano ang mga ginagawa nila upang manatiling ligtas sa COVID-19, ang kanilang sagot ay:



PROTEKSYON

Sa gitna ng pandemya, nangyayari pa rin ang karahasan sa mga kabataan.

19% ng nakapanayam ay nagsabing meron silang alam na insidente ng batang sinaktan ng kanilang magulang.



18% ang nagsabing may alam silang kaso ng bullying.

16% ang nagsabi na may alam silang insidente ng sexual abuse at karamihan sa mga pang-aabusong ito ay nagaganap online.

Marami sa mga bata ang nagsabing alam nila kung kanino sila pwedeng lumapit para mag-report ng mga pang-aabuso sa karapatan ng mga bata. Sinabi nila na sila ay lalapit sa:

